| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | School: | | Grade Level: | V |
|---|---|---|---|---|
| | Teacher: | | Learning Area: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Teaching Dates and Time: | WEEK 1 | Quarter: | 4TH Quarter |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| *I. LAYUNIN* | Naipapahayag ang saloobin sa kahalagahan ng pagganap ng sariling tungkulin sa pagsulong ng kamalayang pambansa tungo sa pagkabuo ng Pilipinas bilang isang nasyon | | | | |
| **A. Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang mapanuring pag-unawa sa bahaging ginampanan ng kolonyalismong Espanyol at pandaigdigang koteksto ng reporma sa pag-usbong ng kamalayang pambansa attungo sa pagkabuo ng Pilipinas bilang isang nasyon | | | | |
| **B. Pamantayan sa Pagaganap** | Nakapagpapahayag ng pagmamalaki sa pagpupunyagi ng mga makabayang Pilipino sa gitna ng kolonyalismong Espanyol at sa mahalagang papel na ginagampanan nito sa pag-usbong ng kamalayang pambansa tungo sa pagkabuo ng Pilipinas bilang isang nasyon | | | | |
| **C. Mga Kasanayan sa Pagkatuto (Isulat ang code ng bawat kasanayan)** | Natatalakay ang mga lokal na pangyayari tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan<br>•Reporma sa ekonomiya at pagtatatag ng monopolyang tabako<br><br>**AP5PKB-IVa-b-1 /Pahina 54 ng 120** | Natatalakay ang mga lokal na pangyayari tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan<br>• Mga pag-aalsa sa loob ng estadong kolonyal<br>AP5PKB-IVa-b-1 / Pahina 54 ng 120 | Natatalakay ang mga lokal na pangyayari tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan<br>• Kilusang Agraryo ng 1745<br>AP5PKB-IVa-b-1 / Pahina 54 ng 120 | Natatalakay ang mga lokal na pangyayari tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan<br>• Pag-aalsa ng Kapatiran ng San Jose<br>AP5PKB-IVa-b-1 / Pahina 54 ng 120 | Natatalakay ang mga lokal na pangyayari tungo sa pag-usbong ng pakikibaka ng bayan<br>• Okupasyon ng Ingles sa Maynila<br>AP5PKB-IVa-b-1 / Pahina 54 ng 120 |
| *II. NILALAMAN* | Monopolya ng tabako | Pag-aalsa sa Estadong Kolonyal | Kilusang Agraryo ng Pilipinas | Pag-aalsa ng Kapatiran ng San Jose | Okupasyon ng Ingles sa Maynila |
| *KAGAMITANG PANTURO* | | | | | |
| **A. Sanggunian** | | | | | |
| **1. Mga pahina sa Gabay ng Guro** | | | | | |
| **2. Mga pahina sa Kagamitang Pang-Mag-aaral** | | | | | |
| **3. Mga pahina sa Teksbuk** | K to 12 – AP5PKB-IVj-8 | K to 12 – AP5PKB-IVj-8 | K to 12 – AP5PKB-IVj-8 | K to 12 – AP5PKB-IVj-8 | K to 12 – AP5PKB-IVj-8 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **4. Karagdagang Kagamitan mula sa portal ng Learning Resource** | | | | | |
| **B. Iba pang Kagamitang Panturo** | powerpoint presentation, manila paper, pentel pen | powerpoint presentation, manila paper, pentel pen | powerpoint presentation, mapa ng Luzon, manila paper, pentel pen | powerpoint presentation | powerpoint presentation, manila paper, pentel pen |
| ***III. PAMAMARAAN*** | | | | | |
| **A. Balik-aral sa nakaraang aralin at/o pagsisimula ng bagong aralin** | Pagkakaroon ng balitaan na may kaugnayan sa paksang tatalakayin.<br>Ipabasa nang malakas ang tula. Bigyang-konteksto ito. | Pagkakaroon ng balitaan na may kaugnayan sa paksang tatalakayin.<br>1. Magbalik tanaw sa nakaraang aralin. | 1.Balitaan. Pag-usapan ang napapanahong balita na may kaugnayan sa paksang aralin. Halimbawa: Naniniwala ba kayo na maunlad na ang Pilipinas kung ihahambing sa nakalipas na mga panahon? | 1.Magbalik-tanaw sa nakaraang aralin. | 1.Magbalik-tanaw sa nakaraang aralin. |
| **B. Paghahabi sa layunin ng aralin** | 1.Tumawag ng mga boluntir. Gamit ang kanilang katawan, ipasulat ang mga letrang bumubuo sa mga salitang, gawain at sibika. Ipahula sa pangkat o klase ang nabuong salita. Bigyan ng kredit ang naunang nakahula<br>2. Itanong<br>•Madali bang hulaan ang mga letra kapag isinusulat gamit ang katawan?<br>•Alam ba ninyo ang ibig sabihin ng salitang nabuo ninyo?<br>•Sa palagay ninyo, ano ang ibig sabihin ng mga salitang, Monopolya?<br>3.Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga bata.<br>4.Iugnay ang mga ito sa aralin. | Anong katangian ang inyong nagustuhan? Tignan ang larawan sa LM, ph.____. Pag-usapan ito. | 2.Ipakita ang mga larawan ng paring Dominicano, Heswita, at Agustino. Talakayin at iugnay ito sa aralin. | Pag-aalsa ni Hermano Pule<br> | |
| **C. Pag-uugnay ng mga halimbawa sa bagong aralin** | 1.Ilahad ang aralin gamit ang mga susing tanong sa Alamin Mo, LM, pahina ___ | 1.Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong sa Alamin Mo sa LM p. _____. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral. | 1.Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong sa Alamin Mo sa LM p. _____. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral. | 1.Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong sa Alamin Mo sa LM p. _____. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral. .Ano ang kapatirang ito? Bakit nagsipag-alsa ang mga kasapi? | 1.Ilahad ang aralin sa pamamagitan ng susing tanong sa Alamin Mo sa LM p. _____ Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Anu-ano ang mga kabutihang dulot ng monopolyo ng tabako? | Bakit nag-alsa ang mga katutubo? | Ano ang Kilusang Agraryo? Bakit ito nangyari? | | Nasakop pala ng Great Britain ang Maynila.<br>Bakit at paano? |
| **D. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #1** | 2.Magdaos ng brainstorming kaugnay ng mga tanong. Tanggapin lahat ang sagot ng mag-aaral. | .Ipabasa ang Alamin Mo sa LM, p. ___ | .Ipabasa ang Alamin Mo sa LM, p. ___ | .Ipabasa ang Alamin Mo sa LM, p. ___ | 2.Ipabasa ang Alamin Mo sa LM, p. ___ |
| **E. Pagtatalakay ng bagong konsepto at paglalahad ng bagong kasanayan #2** | Ipabasa ang Alamin Mo sa LM, p. ___<br>Talakayin ang paksa | 3.Talakayin ang paksa.<br>Pag-aalsa sa Estadong Kolonyal | .Talakayin ang paksa.<br>Kilusang Agraryo ng Pilipinas | 3.Talakayin ang paksa.<br>Pag-aalsa ng Kapatiran ng San Jose | 3.Talakayin ang paksa<br>Pananakop ng mga Ingles sa Maynila |
| **F. Paglinang sa Kabihasan (Tungo sa Formative Assessment)** | Ipagawa ang mga Gawain A-C.<br>•Ipasagot ang mga tanong sa Gawain A.<br>•Talakayin ang sagot ng mga bata.<br>•Ipagawa ang Gawain B, p. _____. Ipasulat ang sagot sa notbuk.<br>•Ipangkat ang klase at ipagawa ang Gawain C. | 4.Ipagawa ang mga Gawain A-C.<br>•Ipasagot ang mga tanong sa Gawain A. | Ipagawa ang mga Gawain A-C.<br>● Ipagawa ang Gawain A, maaaring pasagutan ito na pasalita o ipasulat ito sa notbuk. | 4.Ipagawa ang mga Gawain A-C.<br>• Ipasagot ang mga tanong sa Gawain A. | 4.Ipagawa ang mga Gawain A-C.<br>•Ipasagot ang mga tanong sa Gawain A. |
| **G. Paglalapat ng aralin sa pang-araw-araw na buhay** | | •Ipagawa ang Gawain B, p. _____. Ipasulat ang sagot sa notbuk.<br>•Cooperative Learning Technique (CLT). Hatiin ang klase sa limang pangkat. Ipagawa ang Gawain C sa LM, ph. _____ at ipaulat ito sa buong klase | •Ipagawa ang Gawain B. Tignan ang mapa. Tukuyin ang mga lugar kung saan naganap ang kilusang agraryo noong 1745.<br>•Ipagawa ang Gawain C, ph._____. Talakayin at iwasto ang mga sagot ng bata | •Ipagawa ang Gawain B, p. _____.<br>•Ipagawa ang Gawain C, p._____. Talakayin at iwasto ang mga sagot ng bata | •Ipagawa ang Gawain B, p. _____.<br>•Ipagawa ang Gawain C, p._____. Talakayin at iwasto ang mga sagot ng bata. |
| **H. Paglalahat ng Arallin** | Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p____<br>• Upang lumaki ang kita, nagkaroon ng pagbabago sa ekonomiya sa panahon ni Gobernador-Heneral Jose Basco.<br>• Ang monopolyo ng tabako ay naitatag. | 5.Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p_____<br>Nagsipaglaban sa mga Espanyol ang mga Pilipino upang tutulan ang mga kalupitan at di-makatarungang pamamahala. Karamihan sa mga pag-aalsa ay nabigo dahil kanya-kanya sila ng ipinaglalaban. Ilan sa mga | 5.Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p_____.<br>Ang pag-aalsang ito ay bunsod ng hindi makatarungang pang-aagaw at pangangamkam ng mga pari sa lupa ng mga katutubo. Libo-libong mga Pilipino ang humawak ng sandata upang ipakita ang kanilang pagtutol dito. | 5.Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p_____.<br>Naitatag ang Samahan ng San Jose dahil sa isyu ng diskriminasyon sa lahi. Ginawa itong kahalili ng Katolisismo ng mga kasapi. Nag-umpisa ang pag-aalsa nang sumalakay sa kanila ang mga Español. Bagama't nagtanggol ang mga Pilipino, tinalo sila ng mga kalaban | 5.Bigyang-diin ang mga kaisipan sa Tandaan Mo sa LM, p_____.<br>Nasakop ng Britanya ang Maynila. Ito ay nangangahulugang hindi na ang Espanya ang pinakamalakas na bansa. Mahina na ito at kaya nang talunin ng mga Pilipino. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Tabako lamang ang itinatanim sa Hilagang Luzon.<br>• May takdang dami ng itatanim at may takdang presyo rin. Nahirapan ang mga Pilipino dahil kinapos sa pagkain. | ito ay pinamunuan ni Lakan Dula, Magat Salamat, Bancao, Tamblot, Silang, Sumuroy, Maniago, Malong, Dagohoy, Pule at Tapar. | Nangyari ang mga ganitong uri ng pag-aalsa sa Silang, Cavite noong Abril 1745 na mabilis na kumalat sa mga nayon ng Taguig, Parañaque, Hagonoy, Bacoor, San Mateo, at Bulacan. | | |
| **I. Pagtataya ng Aralin** | Ipagawa ang Natutuhan Ko, ph. _______ ng LM.<br>Iguhit ang masayang mukha ang bilang kung ang pahayag ay nagpapakita ng kagandahang naidulot na monopolyo ng tabako, malungkot na mukha kung ito ay nagpapakita ng kasamaang naidulot nito sa ating bansa. Gawin ito sa notbuk.<br>_____ 1. Marami sa mga opisyal ng pamahalaan ang naging mapagsamantala.<br>_____ 2. Natutustusan na ng kinikita sa monopolyo ng tabako ang pangangailangan ng kolonya at hindi na kailangan pang humingi ng suporta mula sa Espanya<br>_____ 3. Malaking lupain din ang nalinang upang gawing taniman ng tabako.<br>_____ 4. Naging mapang-abuso ang ilang mga opisyal sa tuwing maghahalungkat ng mga bahay ng magsasaka na pinaghihinalaang nagtatago ng tabako.<br>_____ 5. Nanguna ang Pilipinas sa pag-aani ng tabako sa buong silangan. | Ipagawa ang Natutuhan Ko, ph. _______ ng LM.<br>Bilugan ang letra ng tamang sagot.<br>1. Sino ang namuno sa pag-aalsa ng mga Tagalog?<br>A. Diego Silang<br>C. Hermano Pule<br>B. Felipe Catabay<br>D. Magat Salamat<br><br>2. Bakit nag-alsa si Tamblot? Ano ang ipinaglaban niya?<br>A. Nais nilang bumalik sa pananampalataya sa mga diyos ng kanilang mga ninuno.<br>B. Inalis ni Gobernador Heneral Guido de Lavezares ang karapatang ipinagkaloob ni Legazpi sa mga katutubo.<br>C. Ipinadala ng mga manggagawang taga-Samar sa Cavite upang magtrabaho sa gawaan ng barko.<br>D. Tinutulan nila ang sapilitang pagtratrabaho ng mga Español.<br><br>3.Anong pangkat-etniko sa Luzon ang sumuko sa | Ipasagot ang Natutuhan Ko, ph. _______<br>Isulat ang Tama kung wasto ang ipinapahayg ng bwat pangungusap. Kung mali, iwasto ang mga nakasalungguhit na salita.<br>1.Ang mga lupain at kita nito ay napupunta sa mga relihiyosong pari tulad ng mga Indiano, Heswita, at Agustino.<br>2.Tatlong piso ang bayad ng mga biyudo at biyuda sa lupain.<br>3.Sa Kabisayaan ang sentro ng kilusang agraryo.<br>4.Isa sa mga dahilan ng pag-aalsa ay ang pandaraya sa mga lupain at hindi makatarungang paniningil ng buwis sa kanilang lupain<br>5.Tinanggalan ng mga nakamulatang karapatan ang mga katutubo. | Isulat ang mga salitang nawawala sa bawat pangungusap. Humanap ng kasagutan sa loob ng kahon.<br>Bundok Banahaw Domingo Roxas<br>Kapatiran ng San Jose Español<br>Casa Tribunal Barrio Guibanga<br>1.Itinatag ni Pule ang ____________________, isang samahan na Pilipino lamang ang pwedeng sumali.<br>2.Sa tulong ni ____________________, hiniling ni Pule na kilalanin ng pamahalaan at ng simbahan ang kanyang samahan.<br>3.Mula sa punong himpilan ng nito sa __________________, nagkaroon sila ng malawak na kapatiran sa iba't ibang lalawigan.<br>4.Sinalakayng mga _______________ ang kapatiran noong Oktubre, 1841.<br>5.Nahuli si Pule at hinatulang mamatay sa _____________________. | Ipasagot ang Natutuhan Ko, ph. _______<br>Punan ang patlang ng tamang sagot. Pumili sa mga konseptong nasa loob ng kahon.<br>1.Si ____________________ ay itinalaga bilang isang British Governor-General ng Maynila.<br>2.Nang lusubin ng mga Ingles ang Look ng Maynila, isa si _______________sa mga namuno nito.<br>3.Noong____________________, pinagsumikapang lumaban ng mga Español upang di mapasakamay ng mga Ingles ang Maynila.<br>4.Itinatag ni Governor General Drake ang_________________ na may ganap na kapangyarihang ipabilanggo ang sinumang nais niyang ipabilanggo.<br>5.Noong_________________ sinalakay ng mga Ingles ang Pilipinas upang maging bahagi ito ng kanilang imperyo sa Asya. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | pakikipaglaban sa mga Español?<br>A. Apayao<br>C.Cebuano<br>B. Badjao<br>D. Gaddang<br><br>4. Ano ang isa sa mga dahilan ng pag-aalsa ng mga katutubo laban sa mga Español?<br>A. Pagyakap sa relihiyong Kristiyanismo.<br>B. Mabuting pakikitungo ng mga Español sa mga katutubo.<br>C. Pangangamkam ng mga lupain ng mga pinunong Español.<br>D. Paniningil ng tamang buwis sa mga katutubong Pilipino.<br><br>5.Bakit hindi nagtagumpay ang mga rebelyon ng mga Pilipino laban sa mga Español?<br>A. Wala silang pinuno.<br>C. Wala silang pagkakaisa.<br>B. Wala silang mga armas.<br>D. Wala silang sapat na dahilan. | | | Chottry Court<br>Rear-Admiral Samuel Cornish<br>Oktubre 5, 1762<br>Dawsonne Drake<br>Setyembre 24, 1762 |
| **J. Karagdagang gawain para sa takdang-aralin at remediation** | Takdang Aralin<br>Ilarawan.<br>Sino sa mga Pilipinong nag-alsa laban sa mga Español ang higit mong hinangaan? Bakit? | | Takdang Aralin.<br>Sagutin ang katanungan. | | |
| **IV. Mga Tala** | | | | | |

| V. Pagninilay | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya | | | | | |
| B. Bilang ng mag-aaral na nangangailangan ng iba pang gawain para sa remediation | | | | | |
| C. Nakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin | | | | | |
| D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation | | | | | |
| E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong? | | | | | |
| F. Anong suliranin ang aking naranasan na solusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor? | | | | | |
| G. Anong kagamitang panturo ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro? | | | | | |

**Deped tambayan alternative with adfly free pages.. no more hassle, just one-click download for your daily lesson log templates: teachershq.com**